

Programang Recovery Action Fund for Tomorrow (RAFT)

Mga Madalas Itanong (FAQs)



Ang RAFT ay isang one-time na programa sa pag-transfer ng cash na binuo ng Jewish Family Services (JFS), na pinopondohan sa pakikipagtulungan ng County ng San Diego. Binibigyan nito ang mga pamilya at/o mas nakakatandang nasa hustong gulang (55+) ng walang kondisyon at hindi pinaghigpitang pondo na nagkakahalaga ng \$4,000 para magamit para sa kanilang mga pinakapang-agarang pangangailangan. Makikita sa ibaba ang isang listahan ng mga madalas itanong (frequently asked questions o FAQs) na posibleng makatulong sa iyo sa proseso ng aplikasyon mo.

Sino ang kwalipikado para sa programa?

Magbibigay ang RAFT ng isang one-time na pamamahagi ng cash na nagkakahalaga ng \$4,000 para matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa mga flexible na pondo. Ang mga kalahok sa programa na makakatugon sa pamantayan sa pagiging kwalipikado at makakapagsumite ng kumpletong aplikasyon ay pipiliin sa pamamagitan ng lottery.

1. Mga pamilyang may mga anak na wala pang 18 taong gulang
2. Mga senior (edad 55 pataas)
3. Ang mga pamilyang nag-aalaga ng dependent o may kapansanang nasa hustong gulang ay puwede ring mag-apply
4. Ang mga tatanggap ay dapat nasa 18 taong gulang pataas na
5. Residente ng San Diego mula sa 39 na Health Equity ZIP code na malubhang naapektuhan ng COVID-19
6. May kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa 200% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level o FPL)

LAKI NG SAMBAHAYAN	200% FPL	100% FPL	KWALIPIKADO?
1	\$29,160	\$14,580	Oo
2	\$39,440	\$19,720	Oo
3	\$49,720	\$24,860	Oo
4	\$60,000	\$30,000	Oo
5	\$70,280	\$35,140	Oo
6	\$80,560	\$40,280	Oo
7	\$90,840	\$45,420	Oo
8	\$101,120	\$50,560	Oo

Mangyaring sumangguni sa chart sa itaas. Para sa mga sambahayang binubuo ng mahigit sa 8 tao, magdagdag ng \$5,140 para sa bawat karagdagang tao sa taunang kita para sa 100% ng FPL.

Ano ang mga kwalipikadong zip code para sa programang ito?

Isa sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa programang ito ay dapat nakatira ang mga aplikante sa isa sa 39 na Health Equity Zip code ng County ng San Diego na malubhang naapektuhan ng COVID - 19. Nakabalangkas ang mga ito sa ibaba at puwede kang makakita ng higit pang impormasyon sa pamamagitan ng pag-click sa link dito.

91901	91915	91948	91980	92058	92083	92110	92173	91905	91917
91950	92004	92060	92084	92113	92259	91906	91934	91962	92020
92066	92086	92114	92536	91910	91935	91963	92027	92070	92102
92139	92672	91911	91945	91977	92055	92081	92105	92154	

Totoo bang walang mga espesyal na kondisyon dito?

OO! HINDI mo kailangang ibalik ang pera o gumawa ng kahit ano bukod sa pagtugon sa pamantayan sa pagiging kwalipikado at mapili para sa programa para matanggap ito. Kapag nakuha mo na ang pera, malaya kang gastusin ito sa anumang paraang angkop para sa iyo.

Paano mo binibigyang-kahulugan ang sambahayan?

Para sa laki ng sambahayan, dapat isama mo sa bilang ang iyong sarili, ang iyong asawa, at sinupamang miyembro ng pamilya na nakadepende sa iyo para sa karamihan ng kanilang gastusin (halimbawa: mga bata, o matatanda, may sakit o may kapansanang miyembro ng pamilya) at na-claim mo sa iyong paghahain ng buwis sa taong 2022.

Sino ang puwedeng mag-apply?

Oo, paglilingkuran ng programa ang 39 na Health Equity Zip Code ng County ng San Diego, at susuportahan ang mga residenteng kumikita ng 200% o mas mababa sa Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level o FPL). Dapat matugunan ng mga aplikante sa programa ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado para maisaalang-alang bilang mga kalahok sa programa. Isasapriyordad ang mga pamilya at senior na nanganganib na mawalan ng tirahan.

Kailan magbubukas ang aplikasyon?

Magbubukas ang online na aplikasyon sa ika-8 ng Mayo at mananatili itong bukas sa loob ng dalawang linggo, at magsasara sa ika-21 ng Mayo nang 11:59pm. Dapat mong isumite ang iyong aplikasyon bago ang takdang petsa ng aplikasyon para maisama ito sa lottery.

Paano ka mag-a-apply para rito?

Magkakaroon ng online na aplikasyon na maa-access mo sa aming website, sa www.jfssd.org/economicmobility

Magiging available ba ang aplikasyon sa mga wikang maliban sa English?

Oo – magiging available ang aplikasyon sa English, Spanish, Arabic, Chinese, Vietnamese, Somali, Korean, Persian, at Tagalog.

Ano ang kailangan kong gawin para makapag-apply?

Kakailanganin mong mag-apply online at posibleng hilingin sa iyo na magsumite ka ng mga dokumento para sa Jewish Family Service (JFS) para ma-verify ang iyong pagkakakilanlan, ang taunang kita ng iyong sambahayan, at patunay ng iyong paninirahan at matukoy ang iyong pagiging kwalipikado. Kung hindi mo maisusumite ang impormasyong hinihiling, pakisaad ito sa aplikasyon at may miyembro ng team ng JFS na tutulong sa mga susunod na hakbang.

Ano ang proseso ng aplikasyon?

Dapat kumumpleto ng isang online na aplikasyon ang mga kwalipikadong miyembro ng komunidad bilang unang hakbang. Aatasan kang sumagot ng mga tanong at magbigay ng dokumentasyon para ma-verify ng JFS ang iyong pagiging kwalipikado. Kapag naisumite na ang iyong aplikasyon, pipiliin ang mga



kwalipikadong aplikante sa pamamagitan ng lottery at kakaugnayin sila para ma-verify ang impormasyong isinumite sa aplikasyon. Pagkatapos ng pag-verify, aabisuhan ang mga kwalipikado at na-verify na aplikante tungkol sa pagkakapili sa kanila, iimbitahan silang magpatala sa programa at kumumpleto ng orientation ng programa. Magbibigay ang orientation ng pagkakataon para sa mga pinal na tanong at ma-set up ang proseso ng pagtanggap ng iyong one-time na disbursement.

Puwede ba akong mag-apply ng mahigit sa isang beses?

Hindi, ifa-flag ang mga duplicate na form ng aplikasyon at aalisin sa pagsasaalang-alang.

Puwede bang mag-apply ang maraming miyembro ng aking pamilya?

Hindi, tatanggap lang kami ng isang aplikasyon mula sa isang miyembro ng bawat pamilya o sambahayan. Kung maraming pamilyang nakatira sa iisang tirahan, isasaalang-alang namin ang aplikante, ang kanilang mga asawa at iyong mga na-claim na dependent bilang isang sambahayan.

Kahit na hindi ako kwalipikado para sa programang ito, may iba pa bang available na mga serbisyo sa suporta?

Oo, at ang pinakamainam na paraan para ma-access ang mga ito ay sa pamamagitan ng pagtawag sa Access Line ng Jewish Family Service (JFS) na may numero ng teleponong (858) 637-3210, o 2-1-1. Makakapag-alok sila ng malawak na hanay ng mga serbisyo sa suporta para matugunan ang marami sa mga pangangailangan ng iyong pamilya.

Magiging kwalipikado pa rin ba ako kung magiging 18 taong gulang na ang pinakabata kong anak pagkatapos kong magsimula sa programa?

Oo. Kapag matagumpay mo nang nakumpleto ang proseso ng pagpapatala, sigurado na ang iyong spot sa pilot. Ang anak mong lalampas na sa edad na 18 kapag nakatala ka na ay hindi dahilan para sa diskwalipikasyon.

Kailangan ko bang maging permanenteng residente o mamamayan ng U.S para makalahok?

Bukas ang programang ito sa lahat ng kwalipikadong residente ng County ng San Diego, anuman ang iyong katayuan sa legal na imigrasyon. Kung matutugunan mo ang pamantayan sa pagiging kwalipikado sa itaas, kwalipikado ka at hinihikayat kang lumahok/mag-apply.

Makakaapekto ba sa aking katayuan sa imigrasyon ang pagtanggap sa perang ito?

Hindi. Gagawing secure at kumpidensyal ang lahat ng iyong impormasyon. Hindi ito ipapaalam o ibibigay sa anumang ahensya ng pamahalaan nang wala ang iyong hayagang pahintulot.

Magiging available ba ito sa mga indibidwal na walang bahay?

Oo, isinasapriyidad namin ang mga indibidwal na nanganganib na mawalan ng tirahan. Sa panahon ng proseso ng aplikasyon, hihilingin namin sa iyo na magbigay ka ng limitadong impormasyon na magve-verify ng iyong katayuan.

Kung walang bahay ang isang tao, paano matutukoy ang kanilang zip code?

Kung mapipili sa lottery, ive-verify ang paninirahan ng mga aplikanteng nagsaad na wala silang bahay sa panahon ng yugto ng pag-verify. Kabilang sa mga pinapayagang sagot ang transitional housing, mga shelter, o iba pang pansamantalang tirahan. Puwedeng gamitin ng mga taong walang bahay ang address o zip code kung saan sila pinakamadalas na namamalagi o nakakatanggap ng pangunahing pangangalaga.

Puwede bang mag-apply ang mga tao gamit ang mga papel na aplikasyon?

Hindi kami tumatanggap ng mga papel na aplikasyon sa ngayon pero magbibigay kami ng suporta sa aplikasyon sa mga lokal na aklatan at sentro ng komunidad. Hindi puwedeng punan ng mga tauhan ang mga aplikasyon, pero puwede ka nilang gabayan sa proseso at tulungan ka sa pag-upload ng mga kinakailangang dokumento. Kung kailangan mo ng suporta sa pag-access ng aplikasyon, maaabot ang aming team sa guaranteedincome@jfsd.org o sa (858) 637-7350.



Available ba ito para sa mga taong kalalabas lang ng kulungan?

Oo, hinihikayat namin ang sinuman na nakakatugon sa pamantayan sa pagiging kwalipikado na mag-apply.

Paano ninyo pipiliin kung sino ang makakatanggap ng pera?

Pagkatapos makumpleto ang aplikasyon, pipiliin ang mga kalahok sa pamamagitan ng lottery.

Kailan ko malalaman kung napili ako?

Kapag nakumpleto mo na ang iyong aplikasyon, susuriin ng team ng JFS ang iyong aplikasyon para sa pagiging kumpleto at pagiging kwalipikado nito. Posibleng abutin ng hanggang tatlong linggo ang pagsusuri ng aplikasyon. Pagkatapos ng pagsusuri, ilalagay ka sa lottery para sa potensyal na pagpili. Kung mapipili ka, may miyembro ng team ng JFS na makikipag-ugnayan sa iyo para abisuhan ka sa pamamagitan ng email/text o ng iyong piniling paraan ng pakikipag-ugnayan. Sa oras na iyon, iimbitahan kang magpatala sa programa. Magkakaroon ng dalawang cohort ng pagbabayad, ibibigay ang unang pagbabayad sa Hunyo at ang pangalawang pagbabayad sa Agosto.

Kung mapipili ako sa programa, magkano ang matatanggap ko?

Ang mga mapipiling indibidwal ay makakatanggap ng one-time na pamamahagi ng cash na nagkakahalaga ng \$4,000 sa Hunyo o Agosto.

Nakadepende ba sa pangangailangan ng isang tao ang halagang matatanggap niya o parepareho lang ang matatanggap ng lahat?

Ang bawat taong matatanggap sa programa ay makakatanggap ng one-time na disbursement na nagkakahalaga ng \$4,000.

Kailangan bang gamitin ang pera sa partikular na paraan?

Isa itong hindi pinaghihigpitan at walang kondisyon na cash kaya puwedeng gamitin ng mga kalahok ang pera sa anumang paraan na sa tingin nila ay angkop sa kanilang mga pangangailangan.

Kung mapipili ako, paano ko matatanggap ang pera?

Ipapamahagi ang mga pagbabayad sa pamamagitan ng isang prepaid debit card na ipapadala sa koreo o ipi-pick up sa (mga) itinalagang lokasyon. Pagkatapos ng Pagpapatala, ipagbibigay-alam ng tauhan ng JFS ang mga paparating na petsa at oras para sa orientation, pag-pick up ng card, at pagpapadala ng card sa koreo.

Ito ba ay ituturing na nabubuwisang kita, makakaapekto sa aking mga pampublikong benepisyo, o makakaapekto sa aking pagiging kwalipikado para sa pagkamamamayan?

Ang pagpopondong ito ay maituturing na charitable gift na hindi binubuwisan sa ilalim ng mga pununtunan ng IRS at hindi ito ituturing na kita. Dahil diyan, hindi mo ito kailangang i-claim bilang kita para sa iyong mga tax return. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa liabilidad sa buwis, lubos ka naming hinihikayat na kumonsulta sa IRS o sa isang lisensyadong propesyonal sa buwis. Bagama't puwedeng maisama ang pagbabayad na ito sa ibaba ng halaga ng taunang eksklusyon para sa mga regalo, may posibilidad na makaapekto ang pagtanggap ng kitang ito sa ilang programa sa mga pampublikong benepisyo. Ito ay dahil may ilang programa na nagsasama ng mga regalo bilang bahagi ng pagkalkula nito para sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado. Dagdag pa rito, puwedeng mag-access ang mga aplikante ng opsyonal na dokumento sa pagpapayo sa benepisyo para mataya ang epekto ng kitang ito sa mga kasalukuyang benepisyo at mabigyang-daan kang makagawa ng pinakamainam na desisyon para sa iyong sambahayan.

Tutulungan ba ako ng JFS na kumpletuhin ang aking aplikasyon?

Bagama't hindi namin ito mapupunan para sa iyo, magagabayan ka ng JFS sa proseso at matutulungan ka sa pag-upload ng dokumento. Kung kailangan mo ng suporta sa pag-access o pagsagot ng isang aplikasyon, maaabot ang aming team sa guaranteedincome@jfssd.org o sa (858) 637-7350.

